

Bukas ang Disaster Recovery Center sa Flagler County

Release Date: October 29, 2022

BRANDON, Fla. –Ang [state of Florida at FEMA](#) ay nagbukas ng karagdagang Disaster Recovery Center (DRC) sa Flagler County

FLAGLER COUNTY

Flagler County Fairgrounds, 150 Sawgrass Rd., Bunnell, FL 32110

Oras: 8 a.m. hanggang 7 p.m. araw-araw.

Nagbibigay ang mga Disaster Recovery Center sa mga nakaligtas sa sakuna ng impormasyon mula sa mga ahensya ng estado ng Florida, FEMA, at U.S. Small Business Administration (Pangasiwaan ng Maliit na Negosyo ng U.S.). Makakakuha ng tulong ang mga nakaligtas sa sakuna sa pag-apply para sa tulong ng pederal at mga pautang sa kalamidad, mag-update ng mga aplikasyon at matuto tungkol sa iba pang magagamit na mapagkukunan.

Mayroong ilang mga Disaster Recovery Center na tumatakbo sa buong mga county na napinsala ng sakuna ng Florida. Para makahanap ng center na malapit sa iyo, mag-online sa: [DRC Locator](#) o floridadisaster.org, o i-text ang DRC kasama ang iyong zip code sa 43362.

Sa ngayon, ang lahat ng mga sentro ay nagpapatakbo ng pitong araw sa isang linggo, ang mga oras ay maaaring mag-iba. Hindi kailangan ng appointment para makakuha ng tulong.

Hindi kinakailangang bumisita sa isang center upang mag-aplay para sa tul ong ng FEMA. Maaaring mag-apply online sa disasterassistance.gov, gamit ang [FEMA mobile app](#) o tumawag sa **FEMA Helpline at 800-621-3362**, na bukas araw-araw mula 7 a.m. hanggang 11 p.m. ET. Mayroong tulong sa halos lahat ng



FEMA

Page 1 of 2

wika. Kung gumagamit ka ng serbisyo ng relay, tulad ng serbisyo ng video relay (video relay service, VRS), teleponong may caption, o iba pang serbisyo, ibigay sa FEMA ang numero para sa serbisyong iyon. Para makita ang isang accessible video tungkol sa kung paano mag-apply, bumisita sa: [Three Ways to Register for FEMA Disaster Assistance - YouTube](#).

Ang mga serbisyo ng interpretasyon at mga isinaling materyal ay makukuha rin sa mga center na ito upang matulungan kang makipag-usap sa wikang pinaka-komportable sa iyong pakiramdam. Pinipili ang mga lokasyon ng Disaster Recovery Center para sa kanilang pagiging madaling ma-access, na may layuning maabot ang mas maraming tao hanggang posible.

Bilang karagdagan sa mga center, ang mga koponan ng FEMA Disaster Survivor Assistance (DSA) ay nag-canvass sa mga kapitbahayan sa mga lugar na apektado ng Hurricane Ian upang tulungan ang mga residente na mag-apply para sa tulong ng FEMA at sagutin ang anumang mga katanungan ng mga nakaligtas. Ang mga pangkat ng DSA ay nagsusuot ng FEMA attire at may mga badge ng pagkakakilanlan ng pederal na may larawan. Walang bayad para sa serbisyo.

Ang Indibidwal na Tulong ng FEMA ay maaaring makatulong sa mga pansamantalang gastusin sa tuluyan, pangunahing pagkukumpuni ng bahay at iba pang mahahalagang pangangailangan na may kaugnayan sa sakuna.



FEMA